

ORDINANSA SA PINAKAMABABANG SAHOD SA SEKTOR NG HOSPITALITY

PAGKILALA NG EMPLEYADO

PATAKARAN: Ang mga employer sa sektor ng hospitality ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat empleyado tungkol sa petsa ng pagkabisa ng Ordinansa, at sa lahat ng bagong empleyado sa oras ng pagkakakuha sa trabaho.

MGA INSTRUKSYON PARA SA MGA EMPLOYER SA SEKTOR NG HOSPITALITY: Isang kopya ng polyeto ng Paunawa sa mga Empleyado ang ibibigay sa bawat empleyado at isang form ng Pagkilala ng Pagtanggap ng Empleyado ang kukumpletuhin. Ang nakumpletong pagkilala ay itatabi ng employer sa sektor ng Hospitality at maaaring makuha para masuri kapag hiniling ng Lungsod.

Pangalan ng Employer sa Sektor ng Hospitality: _____

Numero ng Telepono: _____ **Address:** _____

Ikaw ay isang empleyado na tumatanggap ng paunawang ito dahil ang iyong employer ay itinuturing na Employer sa Sektor ng Hospitality sa Lungsod ng San Diego. Ang lugar ng trabahong ito ay napapailalim sa Ordinansa sa Pinakamababang Sahod sa Sektor ng Hospitality [HMWO].

ITO ANG IYONG MGA KARAPATAN

Mga Kinakailangan sa Pinakamababang Sahod

Ang mga employer sa sektor ng hospitality ay dapat bayaran ang mga empleyado ng hindi bababa sa kinakailangang pinakamababang sahod para sa lahat ng oras na trinabaho sa loob ng Lungsod ng San Diego:

Petsa ng Pagkabisa	Mga Hotel at Parke ng Libangan	Mga Sentro para sa Kaganapan
Hulyo 1, 2026	\$19.00 kada oras	\$21.06 kada oras
Hulyo 1, 2027	\$20.50 kada oras	\$22.00 kada oras
Hulyo 1, 2028	\$22.00 kada oras	\$23.00 kada oras
Hulyo 1, 2029	\$23.50 kada oras	\$24.00 kada oras
Hulyo 1, 2030	\$25.00 kada oras	\$25.00 kada oras

Simula Hulyo 1, 2031, tataas ang pinakamababang sahod bawat taon batay sa Indise ng Presyo para sa Konsumidor (CPI). Iaanunsyo ng Lungsod ang inayos na pinakamababang sahod bago lumampas ng Abril 1 ng bawat taon. Kung ang mga batas sa pinakamababang sahod ng pederal na pamahalaan, estado, o lungsod ay nag-aatas ng mas mataas na sahod, kailangang magbayad ang mga employer ng pinakamataas na naaangkop na pinakamababang sahod.

Paghihiganti

Hindi maaaring maghiganti ang mga employer sa sektor ng hospitality laban sa mga empleyadong gumagamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa. Kabilang sa paghihiganti ang mga pagbabanta, pananakot, panghaharas, pagdidisiplina, pagtanggap sa trabaho, pagbaba ng ranggo ng posisyon, pagsuspinde, pagbawas ng oras ng trabaho o anumang iba pang masamang aksyon sa pagtatrabaho laban sa empleyado.

Kinikilala ng Lagda ng Empleyado ang pagtanggap sa Polyeto ng Paunawa sa mga Empleyado

PANGALAN NG EMPLEYADO (APELYIDO, PANGALAN):	
ADDRESS:	
NUMERO NG TELEPONO:	
EMAIL ADDRESS:	
LAGDA NG EMPLEYADO:	
PETSA:	

Ang form na ito ay dapat itabi ng employer.

Lungsod ng San Diego – Programa ng Pinakamababang Sahod